

PAUNAWA TUNGKOL SA PAMAMARAAN NG PANGANGALAGA NG INYONG PRIBADONG IMPORMASYON

Ang Inyong Impormasyon.

Ang Inyong mga Karapatan.

Ang Aming mga Pananagutan.

Kailangang ipaalam sa inyo ng ACRS ang mga karapatan ninyo sa inyong pribadong impormasyon ayon sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). Ang ACRS ay isang hybrid entity. Hindi lahat ng nasa ACRS ay sakop ng HIPAA, ang mga programa / departamento lamang na nakalista bilang Health Care Components sa ACRS website ang sakop ng HIPAA. Ang paunawang ito ay para lamang sa mga kliyenteng pinaglilingkuran ng mga sakop na programa / departamento. Hindi maaapektuhan ng paunawang ito kung karapat-dapat kayong tumanggap ng mga serbisyo ng ACRS.

Ipinababatid ng paunawang ito kung paano maaaring gamitin at ibahagi ang inyong medikal na impormasyon at kung paano ninyo makukuha ang impormasyong ito. Basahin at unawaing mabuti ang paunawang ito.



Ang Inyong mga Karapatan

May ilang karapatan kayo sa inyong impormasyong pangkalusugan.

Ipinapaliwanag ng bahaging ito ang mga karapatan ninyo at ilan sa mga pananagutan namin upang tulungan kayo. Upang gamitin ang alinman sa mga karapatang ito, isulat ang inyong kahilingan at ipadala sa Asian Counseling and Referral Service, Attention HIPAA Compliance Officer, 3639 Martin Luther King Jr. Way S, Seattle, WA 98144. Pakitawagan ang inyong Case Manager o ang aming HIPAA Compliance Officer sa 206-695-7600 ext. 2409 upang ipadala sa inyo ang naaangkop na request form. Susuriin namin ang bawat kahilingan at susulatan kayo kung mapagbibigyan namin o hindi ang inyong kahilingan. Maaari din naming kayong singilin ng naaangkop na halaga kung may mga bayaring kaugnay sa inyong kahilingan. Ipaalam naming kung may babayaran kayo kaugnay ng inyong kahilingan, upang maiwasang kayo ay singilin kung sakaling magbago ang isip ninyo.

Hingin ang elektroniko o papel na kopya ng inyong medical record

- Maaari ninyong hilingin na makita o makuha ang elektronikong kopya ng inyong medical record at iba pa ninyong impormasyong pangkalusugang hawak namin.
- Karaniwang kasama dito ang mga medikal at billing record. Hindi kasama dito ang psychotherapy notes; impormasyong inihanda upang gamitin sa legal na kaso o paglilitis; o partikular na impormasyong iniingat ng mga laboratoryo.
- Maibibigay namin ang kopya o ang buod ng impormasyong pangkalusugan ninyo, kadalasan sa loob ng 15 araw ng pangangalakal pagkatanggap naming ng inyong kahilingan. Maaaring singilin naming kayo ng angkop at hustong halaga.

Hilingin na ayusin naming ang inyong medical record

- Maaari ninyong hilingin na ayusin (baguhin) namin ang inyong impormasyong pangkalusugan kung sa palagay ninyong ito ay mali o hindi kumpleto.
- Karapatan ninyong humiling ng mga pagbabago sa inyong impormasyon hangga't ito ay iniingatan ng o sa ngalan ng Asian Counseling and

Referral Service.

- Maaari kaming sumagot ng "hindi" sa kahilingan ninyo, ngunit susulatan namin kayo at ipapaliwanag namin ang dahilan kung bakit sa loob ng 10 araw ng pangangalakal.
- Kapag tinanggihan naming ang kahilingan ninyo, maaari kayong magbigay sa amin ng nakasulat na pahayag ng inyong pagtutol. Maaari naming sagutin ang inyong pagtutol. Lahat ng ito ay magiging bahagi ng iyong impormasyon pangkalusugan.

Hilingin ang kompidensyal na paraan ng komunikasyon

- Maaari ninyong hilingin kung paano at saan namin kayo dapat tawagan (halimbawa, telepono sa bahay o opisina) o kung saan namin kayo dapat sulatan.
- Sasagutin namin ng "oo" ang lahat ng resonableng kahilingan.

Hilingin na limitahan ang ginagamit o ibinabahagi naming impormasyon

- Maari ninyong hilingin na huwag naming gamitin o ibahagi ang ilang impormasyong pangkalusugan ninyong may kinalaman sa inyong paggamot, pagbabayad o sa aming pangangalakal. Hindi kami kailangang pumayag sa inyong kahilingan, at maaari kaming sumagot ng "hindi" kung maapektuhan ang pangangalaga namin sa inyo.

- May karapatan din kayong hilingin na limitahin namin ang impormasyong pangkalusugan ninyong ibinabahagi namin sa mga taong may kinalaman sa pangangalaga sa inyo, tulad ng miyembro ng pamilya o kaibigan ninyo. Kung pumayag kami, pagbibigyan namin ang inyong kahilingan maliban kung ang impormasyon ay kinakailangan upang kayo ay gamutin sa isang emergency.
- Kung sarili ninyong pondo ang ginamit ninyo upang bayaran kami sa serbisyo o pangangailangang medikal na inyong tinanggap, maaari ninyong hilingin na huwag naming ibahagi ang impormasyong ito na may kinalaman sa pagbabayad o sa pangangalakal namin sa inyong health insurer. Sasagot kami ng "oo" maliban kung kinakailangang ibahagi namin ang impormasyong ito ayon sa batas.

Humingi ng listahan ng mga taong nabahaginan namin ng inyong impormasyon

- Maaari ninyong hilingin ang listahan (accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa nakaraang anim na taon mula sa petsa ng inyong kahilingan, kung kanino namin ibinahagi, at kung bakit.
- Iasama naming ang lahat ng hinihiling ninyong impormasyon maliban sa mga may kinalaman sa paggamot sa inyo, pagbabayad at pangangalakal ukol sa pangangalaga ng inyong kalusugan, at iba pang impormasyon (gaya ng anomang hiniling ninyong huwag naming ibahagi), maliban na lamang kung naaayon sa batas na ibahagi naming ang mga ito. Bibigyan namin kayo ng isang taong libreng accounting, ngunit sisingilin naming kayo ng angkop na bayad kung hihingi kayo ng isa pang accounting sa loob ng 12 buwan.

Humingi ng kopya nitong paunawa tungkol sa pamamaraan ng pangangalaga ng inyong pribadong impormasyon

- Maaari kayong humingi ng papel na kopya nitong paunawa kahit pumayag kayong tumanggap ng elektronikong kopya. Agad ninyong matatanggap ang papel na kopya.

Pumili ng tatayong representatib ninyo

- Kung meron kayong medical power of attorney o meron kayong legal guardian, maari niyang gamitin ang mga karapatang nabanggit at magdesisyon tungkol sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- Titiyakin namin na ang inyong representatib ay may awtoridad na tumayo bilang tagapag-desisyon ninyo bago kami kumilos at magdesisyon.

Maghain ng reklamo kung sa inyong palagay ay nalalabag ang inyong mga karapatan

- Maaari kayong magreklamo kung sa palagay ninyo ay nilabag namin ang inyong mga karapatan. Tumawag sa aming HIPAA Compliance Officer sa 206-695-7600 ext. 2409. O sumulat at ipadala ang inyong reklamo sa Asian Counseling and Referral Service, Attention HIPAA Compliance Officer, 3639 Martin Luther King Jr. Way S, Seattle, WA 98144.
- Maaari niyo ring ihain ang inyong reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights. Sumulat sa 200 Independence Avenue S.W., Washington, D.C. 20201, tumawag sa 1-877-696-6775, o pumunta sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/.
- Huwag mag-alala na kami ay gaganti sa inyo dahil kayo ay nagreklamo.

Mga Pagpipilian Ninyo

Maaari ninyong ibilin sa amin kung anong maibabahagi namin tungkol sa ilan sa inyong impormasyong pangkalusugan.

Kung alam ninyo kung paano namin dapat ibahagi ang inyong impormasyon sa mga sumusunod na sitwasyon, sabihin lamang sa amin. Ipaalam sa amin kung anong inyong ninanais at siya naming susundin.

Sa mga sumusunod na sitwasyon, karapatan ninyo at maari ninyong piliing ibilin sa amin na:

- Ibahagi ang impormasyon sa inyong pamilya, malalapit na kaibigan, o sino mang may kinalaman sa inyong pangangalaga.
- Ibahagi ang impormasyon upang matulungan kayo mula sa sakuna.
- Kung hindi ninyo kayang sabihin sa amin ang inyong kagustuhan, halimbawa nawalan kayo ng malay, maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon kung palagay namin ay makabubuti ito para sa inyo. Maaari din naming ibahagi ang inyong impormasyon kung kinakailangan upang iwasang lumala o manganib ang inyong kalusugan o kalagayan.

Sa sitwasyon ng fundraising:

- Maaari naming kayong tawagan bilang bahagi ng fundraising, ngunit maaari kayong tumanggi at hilingin na huwag na kayong tawagan uli.

Sa mga sumusunod na sitwasyon, hindi namin kailanman ibabahagi ang inyong impormasyon maliban kung may nakasulat kayong pahintulot:

- Para sa marketing
- Para ibenta ang inyong impormasyon
- Pangkadalasang pagbabahagi ng psychotherapy notes

Kailangan namin ang inyong pahintulot upang gamitin o ibahagi ang inyong psychotherapy notes, maliban kung:

- (1) nais itong gamitin ng sumulat ng psychotherapy notes para sa inyong paggamot, (2) gagamitin ito sa aming mga programa ng mga estudyante ng mental health, mga trainees o mga practitioners habang sinusubaybayan ang kanilang pagsasanay upang matuto at bumuti sa counseling, (3) kailangan namin itong gamitin upang ipagtanggol ang aming sarili kung kami ay ihabla ninyo, (4) gamitin ito nang naaayon sa batas, (5) ibahagi ito sa isang health oversight agency kaugnay ng pagsubaybay sa sumulat ng psychotherapy notes, (6) ibahagi ito sa isang coroner o medical examiner, (7) kinakailangan upang iwasang lumala o manganib ang kalusugan o kalagayan ninyo o ng publiko.
- Pangkadalasang pagbahagi ng iniingatang espesyal na impormasyon

May mga natatanging impormasyon, gaya ng may kinalaman sa AIDS/HIV, mga sexually transmitted disease at/o genetic information, na maaaring magkaroon ng dagdag na pribadong proteksiyon ayon sa batas pederal o batas ng estado. Susundin namin ang mga batas na ito. Maaaring kailanganin namin ang inyong pahintulot upang ibahagi ang ganitong impormasyon maliban kung ayon sa batas ay maari naming ibahagi ito nang walang pahintulot sa inyo.

- Pangkadalasang pagbahagi ng impormasyon kaugnay sa aming substance abuse program records.

Ang Aming Substance Abuse Program:

Ipinapaliwanag sa mga sumusunod na kategorya ang iba't-ibang paraan na maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon kaugnay sa aming Substance Abuse Program.

- ◇ Upang Magamit ng Substance Abuse Program:
Maaari naming gamitin at maaaring ibahagi sa mga empleyado ng Substance Abuse Program na nangangailangan ng inyong impormasyon upang kayo ay mapangalagaan at maisagawa namin ang aming mga tungkulin sa Substance Abuse Program na bunga ng pagbibigay ng diagnosis, paggamot, o referral para sa paggamot ng substance abuse sa pamamagitan ng aming Substance Abuse Program.
- ◇ Upang Magamit sa Medical Emergency:
Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon kung meron kayong medical emergency. Halimbawa, maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa tauhang medikal kung nanganganib ang inyong buhay o kalusugan at kailangan ninyo ang agarang atensyong medikal. Maaari din naming ibahagi ang ilan sa inyong impormasyon upang gamitin ng Federal Food and Drug Administration.
- ◇ Upang Magamit sa Pananaliksik:
May mga pagkakataong maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon alang alang sa pananaliksik siyentipiko kung sinusunod namin ang mga takdang patakaran.
- ◇ Upang Magamit sa Audit at Evaluation:
Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon sa aming pag-review ng mga rekord kung aming kinakailangan at sinusunod namin nang maayos ang mga takdang patakaran. Ang audit o evaluation ay maaaring gawin ng ahensiya ng gobyerno, mga pribadong mamamayan na nagbibigay ng tulong pinansyal sa aming Substance Abuse Program, mga third party payors, mga organisasyon para sa quality improvement, o iba

- pang mga partido. Ang mga rekord ng inyong impormasyon ay maaari lamang kopyahin o kunin mula sa aming opisina kung sinusunod namin ang mga takdang patakaran.
- ◇ Mga Report ng Pag-abuso o Pagpapabaya sa Bata:
Maaari naming gamitin at ibahagi ang limitadong impormasyon kaugnay sa mga ulat ng pinaghihinalaang pag-abuso o pagpapabaya sa bata.
- ◇ Mga Subpoena at Court Orders:
Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon mula sa Substance Abuse Program upang tumugon sa court order o subpoena na pinatibayan ng court order o kung kayo mismo ay sadyang sumangayon.
- ◇ Mga Veterans at Miyembro ng Armed Forces:
May mga espesyal na tuntunin upang panatilihin kompidensyal ang inyong impormasyon kung ang pangangalaga ninyo ay mula sa Veterans Administration o kung miyembro kayo ng Armed Forces.
- ◇ Mga Qualified Service Organizations:
Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa ilang third party na naturingang qualified service organizations na kinakailangan ang impormasyon upang paglingkuran ang aming ahensiya, at sumangayon silang ingatan ang inyong impormasyon sa Substance Abuse Program.
- ◇ Ang Inyong Pahintulot:
Kung ayon sa batas ay kailangan namin ang inyong nakasulat na pahintulot upang ibahagi ang inyong impormasyong nasa Substance Abuse Program, hihingin namin ang nakasulat ninyong pahintulot.

Ang Paggamit at Pagbabahagi Namin ng Inyong Impormasyon

Paano namin karaniwang ginagamit o ipinamamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Ganito namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan:

- Pagbigay ng mga serbisyo sa inyo

Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan at ibahagi ito sa ibang mga propesyonal na gumagamot sa inyo.

Halimbawa: Ang isang healthcare provider ninyo ay maaaring magtanong sa ibang healthcare provider ninyo upang kumustahin ang pangkalahatang kalusugan ninyo.

- Pamamahala ng aming organisasyon

Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan upang pangasiwaan ang aming ahensiya, pahusayin ang pangangalaga sa inyo, at tawagan kayo kung kinakailangan.

Halimbawa: Ginagamit namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa pangangasiwa namin ng pangangalaga at serbisyo namin sa inyo.

- Paniningil sa mga natanggap ninyong serbisyo

Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon pangkalusugan upang maningil at tumanggap ng kabayaran mula sa mga health plan o iba pang ahensya.

Halimbawa: Ibinabahagi naming ang inyong impormasyon sa inyong health insurance plan para mabayaran ang mga natanggap ninyong serbisyo mula sa amin.

- Ipaalam sa inyo ang mga nakatakda ninyong appointments at mga alternative treatments.

Maaari naming gamitin ang inyong

impormasyon upang paalalahanan kayo sa inyong appointment para sa paggamot o pangangalaga sa ACRS; ipaalam sa inyo o magrekomenda ng mga maaari ninyong pagpili sa pagpapagamot ninyo; at/o ipaalam sa inyo ang mga kaalamang may kaugnay sa inyong kalusugan o mga serbisyo para sa inyong ikabubuti.

Paano pa naming maaring gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Maaari o kinakailangan naming ibahagi ang inyong impormasyon sa iba pang mga pagkakataon – karaniwan, ito ay mga sitwasyong makatutulong sa ikabubuti ng publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kailangan naming sundin and mga takdang patakaran ng batas bago namin maibahagi ang impormasyon sa mga pagkakataong ito.

- Tumulong sa mga isyung pampubliko ukol sa kalusugan at kaligtasan.

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa ilang mga sitwasyong gaya ng:

- ◇ Upang maiwasan ang pagkakasakit
- ◇ Upang tumulong sa product recall
- ◇ Upang i-report ang mga masamang reaksyon mula sa paggamit ng gamot
- ◇ Upang i-report ang mga pinaghihinalang pag-abuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan (domestic violence)
- ◇ Upang iwasan o pigilan ang malalang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng sino man

- Paggamit sa pananaliksik

Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon para sa pangkalusugang pananaliksik.

- Pagsunod sa batas

Ibahagi namin ang inyong impormasyon kung kinakailangan ito ayon sa batas pederal o estado, kabilang na ang Department of Health and Human

Services kung nais nilang makita na sinusunod namin ang batas pederal ukol sa pribadong impormasyon.

- Tumugon sa mga kahilingan ng organo o tissue donation

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyon na may kinalaman sa organ procurement.

- Tumulong sa medical examiner o sa direktor ng punerarya

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa coroner, medical examiner o direktor ng punerarya kung may kinalaman ito sa inyong pagkamatay.

- Tugunan ang mga panghahabla o mga legal na aksyon

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan upang sagutin ang court o administrative

order, o upang sumagot sa subpoena.

- Paggamit ng impormasyon para sa worker's compensation, upang ipasatupad ang batas, at iba pang mga kahilingan ng gobyerno.

Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan upang:

- ◇ Tumugon sa mga worker's compensation claims
- ◇ Ipasatupad ang batas o kung kinakailangan ito ng isang alagad ng batas
- ◇ Ibahagi sa mga health oversight agencies kung kinakailangan at naaayon sa batas
- ◇ Para sa mga espesyal na gampanin ng gobyerno gaya ng militar, pambansang seguridad, at mga panunungkulan sa proteksiyon ng presidente.

Ang Aming Mga Responsibilidad

- Ayon sa batas, kailangan naming panatilihin pribado at ingatang maigi ang inyong protektadong impormasyong pangkalusugan.
- Agad naming ipaalam sa inyo kung may pangyayaring maaring maka-kompromiso sa seguridad ng inyong pribadong impormasyon
- Kailangan naming sundin ang aming mga tungkulin nakahayag at ipinaliwanag sa paunawang ito ukol sa pamamaraan ng pangangalaga ng inyong pribadong impormasyon at bigyan kayo ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon bukod sa mga sitwasyon o pagkakataong nakasaad sa paunawang ito maliban kung nakasulat ang inyong pahintulot na maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon. Maaari niyo ring baguhin ang inyong isip ukol sa inyong pahintulot kailan man ninyo gustuhin, basta't nakasulat ang inyong desisyon at ipaalam sa amin.

Mga Pagbabago Sa Mga Tuntunin Nitong Paunawa

Ang paunawang ito ay may bisa mula Abril 14, 2003 . Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng paunawang ito. Sakop ng ano mang pagbabagong ipatutupad namin ang lahat ng inyong impormasyong hawak namin. Maaring hingin ang pinakabagong edisyon ng paunawang ito mula sa aming opisina, at sa aming website www.acrs.org.

Petsa ng Orihinal na Paunawa: April 14, 2003; Petsa Kung Kailan Binago: May 1, 2016